

# Ang iyong spinal anesthetic

Ipinapaliwanag sa leaflet na ito kung ano ang dapat asahan kapag sasailalim ka sa operasyong may spinal anesthetic.

Ito ay isinulat sa pagtutulungan ng mga anesthetist, pasyente, at kinatawan ng mga pasyente.

## Mga Nilalaman

Ipinapaliwanag sa leaflet na ito:

- ano ang spinal anesthetic
- kailan ito ginagamit
- bakit maaaring may pakinabang ito para sa iyong operasyon
- paano ito tumatalab at ano ang maaari mong asahan
- panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon.

## Ano ang isang 'spinal'?

Sa maraming operasyon, karaniwang binibigyan ang mga pasyente ng general anesthetic. Subalit, para sa mga operasyon sa ibaba ng baywang, maaaring spinal anesthetic ang ibigay sa iyo. Ito ay kapag ang local anesthetic ay itinurok sa ibabang bahagi ng iyong likod (sa pagitan ng mga buto ng iyong spine). Ito ay nagdudulot ng pamamanhid mula sa baywang pababa, para hindi ka makaramdam ng kirot habang may operasyon. Sa spinal anesthetic, maaari kang manatiling gising habang may operasyon.

Kadalasan, ang mga epekto ng spinal anesthetic ay tumatagal ng ilang oras. Maaaring iturok ang ibang mga gamot ng sabay-sabay para makatulong sa pagpawi ng kirot sa loob ng maraming oras kahit lumipas na ang epekto ng anesthetic.

Habang may spinal anesthetic, maaari kang:

- ganap na gising
- sedated - gamit ang mga gamot na nagpapakalma o nagpapaantok sa iyo, pero hindi ka tuluyang makakatulog at maaaring may kamalayan ka sa iyong paligid.

Para sa ilang operasyon, ang spinal anesthetic ay maaari ring ibigay bago ang general anesthetic para makapagbigay ng karagdagang pampawi ng kirot pagtapos ng iyong operasyon.

Maraming mga operasyon sa ibabang bahagi ng katawan ang angkop para sa spinal anesthetic, lalo na ang mga may kinalaman sa keyhole surgery.

Ang spinal anesthetic ay madalas na ginagamit ng mag-isa o kasama ang general anesthetic para sa:


- general surgery, halimbawa, mga operasyon sa hernia, almoranas (mga hemorrhoid o pile) at bituka
- orthopedic surgery sa mga kasukasan, tulad ng pagpapalit ng balakang at tuhod, o mga buto ng binti
- vascular surgery: mga operasyon sa mga daluyan ng dugo sa binti
- gynecology: pag-ayos ng prolapse, hysteroscopy, at ilang uri ng hysterectomy
- urology: mga operasyon sa prostate, pantog, at ari
- cancer surgery sa tiyan.

## Bakit kailangan ng spinal?

Depende sa iyong kalusugan, maaaring may mga benepisyo sa iyo kapag nagpa-spinal anesthetic. Ipapaliwanag ito ng iyong anesthetist at tutulungan kang magdesisyon kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

Mga posibleng benepisyo ng pagkakaroon ng spinal anesthetic kumpara sa general anesthetic ay:

- mas mababang panganib sa pagkakaroon ng impeksyon sa dibdib pagkatapos ng operasyon
- mas mababang panganib sa pagkakaroon ng mga pamumuo ng dugo sa mga binti
- mas kaunti ang negatibong epekto sa baga at paghinga
- mabisang pampawi ng kirot pagkatapos mismo ng operasyon
- mas kaunting pangangailangan para sa malakas na gamot na pampawi ng kirot na maaaring may mga side effect
- mas kaunti ang pagsama ng pakiramdam at pagsusuka
- mas maagang pagbalik sa pag-inom at pagkain pagkatapos ng operasyon.



## Paano isinasagawa ang spinal?

- Maaaring iturok sa iyo ang spinal sa anesthetic room o sa silid ng operasyon. Makikilala mo ang anesthetic assistant na bahagi ng team na magbabantay sa iyo.
- Ang anesthetist o assistant ang magkokonekta ng mga monitor para sukatin ang iyong heart rate, presyon ang dugo, mga antas ng oxygen, at anumang kagamitan na kailangan.
- Ang iyong anesthetist ay gagamit muna ng karayom para maipasok ang manipis na tubo ng plastik (isang 'cannula') sa ugat ng iyong kamay o braso. Dahil dito, ang iyong anesthetist ay makakapagbigay sa iyo ng mga likido at anumang gamot na maaaring kaliangan mo.
- Tutulungan kang mailagay sa tamang posisyon para sa spinal.
- Maaari kang umupo sa gilid ng higaan na nakapatong ang iyong mga paa sa isang mababang bangko o humiga ka ng nakatagilid, nakabaluktot at nakadikit ang iyong mga tuhod sa dibdib.
- Ipapaliwanag ng anesthetic team kung ano ang nangyayari, para malaman mo ang nagaganap.
- Isang local anesthetic ang unang ituturok para magmanhid ang balat at maging mas komportable ang pag-iniksiyon ng spinal. Ang anesthetist ang mag-iiniksiyon ng

spinal; kailangan mong hindi gumalaw para maisagawa ito. Ang nars o healthcare assistant ay karaniwang nakasuporta at naka-alalay sa iyo habang isinasagawa ang iniksiyon.

- Minsan ay maaaring kailanganin ang urinary catheter (isang malambot na tubo para magpalabas ng ihi mula sa iyong pantog). Kung kailangan mo ito, ipapasok ito pagkatapos magsimulang tumalab ang spinal.

## Ano ang aking mararamdaman?

Ang iniksiyon ng spinal ay kadalasang hindi mas masakit sa pagkakaroon ng blood test o pagpasok ng cannula. Maaaring umabot ito ng ilang minuto para maisagawa, pero maaari ring abutin ng mas magtagal, lalo na kung mayroon kang anumang problema sa likod o labis ang katabaan. Maaaring kailangan itong gawin ng ilang beses para sa iilang kaso.

- Habang isinasagawa ang pag-iniksiyon, maaari mong maramdaman na may tumutusok-tusok o may kakaibang pakiramdam sa isa sa iyong mga binti—kung mangyari ito, subukang hindi gumalaw at sabihin ito sa iyong anesthetist.
- Kapag tapos na ang pag-iniksiyon, karaniwang hihilingin na humiga ka ng patihaya kung ikaw ay nakaupo. Ang spinal ay karaniwan na nagsisimulang tumalab sa loob ng ilang minuto.
- Sa simula, maaaring makaramdam ng init sa iyong tiyan at mga binti, pagkatapos ay magiging manhid kapag hinawakan. Paunti-unti mong mararamdaman na ang iyong mga binti ay nagiging mas mabigat at mahirap igo. Ito ay normal at nangangahulugang tumalab ang anesthetic.
- Kapag ang anesthetic ay ganap nang tumalab, hindi mo magagawang itaas ang iyong mga binti at hindi mo mararamdaman ang anumang sakit sa ibabang bahagi ng katawan.

## Pagsusuri kung tumalab ang spinal

Ang iyong anesthetist ay gagamit ng iba't ibang simpleng pagsusuri para malaman kung tumatalab ng maayos ang anesthetic, na maaaring kasama ang:

- pag-spray ng malamig na likido at pagtanong kung nararamdaman mo ito sa iyong tiyan at mga binti

- maingat na pagdampi ng mapurol na instrumento sa iyong tiyan at mga binti
- paghiling na itaas mo ang iyong mga binti.

Mahalagang mag-concentrate habang isinasagawa ang mga pagsusuring ito para makatiyak ka at ang iyong anesthetist na tumalab ang anesthetic. Pahihintulutan lang ng anesthetist na simulan ang operasyon kapag nakatiyak siya na tumalab ang anesthetic.

## Habang isinasagawa ang operasyon (spinal anesthetic lamang)

- Sa silid ng operasyon, may staff team na mag-aasikaso sa iyo. Kung gising ka, magpapakilala sila at susubukan nilang mapalagay ang iyong kalooban.
- Ang anesthetist at anesthetic assistant ang mag-aalaga sa iyong kaligtasan at kalagayan sa buong operasyon.
- Ihahanda ka sa posisyong kinakailangan para sa operasyon. Dapat mong sabihin sa iyong anesthetist kung may makakatulong sa iyo para maging mas komportable, tulad ng dagdag na unan o patungan ng braso.
- Maaari kang bigyan ng oxygen para makahinga, sa pamamagitan ng plastik mask na magaan at malinaw, para mapabuti ang antas ng oxygen sa iyong dugo.
- Mamamalayan mo ang mga ginagawa sa silid ng operasyon, pero mananatiling palagay ang iyong kalooban, habang ang iyong anesthetist ay inaalagaan ka.
- Maaari kang makarinig ng musika habang may operasyon. Kung papayagan ka, magdala ng sarili mong musika at gumamit ng headphones. May ilang unit na nagbibigay ng headphones o magpapatugtog ng musika sa silid ng operasyon.
- Maaari kang makipag-usap sa anesthetist at anesthetic assistant habang may operasyon. Ito ay magdedepende kung ikaw ay binigyan ng sedation o hindi.
- Kung bibigyan ka ng sedation habang may operasyon, magiging kalmado ka at maaari kang antukin. Maaari kang makatulog habang may operasyon o maaaring gising ka sa ilang bahagi o sa kabuuan nito. Maaaring maalala mo ang ilang bahagi o buong pamamalagi mo sa silid ng operasyon, o maaaring wala kang maalala.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sedation, mangyaring tingnan ang aming **paliwanag sa Sedation** leaflet, na matatagpuan sa aming website:

[www.rcoa.ac.uk/patients/patient-information-resources/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patients/patient-information-resources/translations#languages)

Mahalagang malaman na kahit na nakaplano ang spinal para sa iyong operasyon, maaaring kailanganin mo ng general anesthetic kung:

- Hindi maisagawa ng iyong anesthetist ang pagbibigay ng spinal
- ang spinal ay hindi gaanong tumatalab sa paligid ng ooperahan
- ang operasyon ay mas komplikado o mas matagal kaysa sa inaasahan.

## Pagkatapos ng operasyon

- Umaabot ng hanggang apat na oras bago lubusang bumalik ang pakiramdam. Dapat mong sabihin sa ward staff ang anumang mga alalahanin o pangamba na maaaring mayroon ka.
- Sa pagbalik ng pakiramdam, kadalasan ay makakaramdam na para kang tinutusok-tusok. Maaari ka ring makaramdam ng kaunting kirot mula sa operasyon at maaari kang humingi ng pampawi ng kirot kung kinakailangan..
- Maaaring hindi ka makatayo kapag ang spinal ay nagsimulang hindi na tumalab at maaari kang makaranas ng kaunting pagkahilo kung mababa ang presyon ng dugo. Mangyaring humingi ng tulong sa staff na nag-aasikaso sa iyo kapag bumangon ka sa unang pagkakataon.
- Kadalasan, mas maaga kang makakakain at makakainom pagkatapos bigyan ng spinal anesthetic kaysa sa general anesthetic.

## Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon (paunang pagsusuri)

Kung mayroon kang nakaplanong operasyon, maaari kang maimbitahan ilang linggo o araw bago ang iyong operasyon.sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon. Minsan, para sa mas minor surgery, may nars na magsasagawa ng tawag sa telepono para pasagutin ka ng ilang katanungan.

Mangyaring dalhin mo ito:

- listahan ng iyong kasalukuyang mga gamot o mga gamot mo na nasa buong packaging
- anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagsusuri at gamutan sa ibang mga ospital

- impormasyon tungkol sa anumang problema na maaaring mayroon ka o ang iyong pamilya sa mga anesthetic
- anumang kamakailang mga sukat ng presyon ng dugo.

Kung ikaw ay umiinom ng anumang gamot na pampalabnaw ng dugo, mahalagang malaman ito ng pre-assessment team para matalakay kung kailangan mong itigil ang pag-inom ng mga gamot na ito bago ang iyong operasyon.

Maaari kang makipagkita sa anesthetist sa klinika. Kung hindi, magkikita kayo ng anesthetist sa mismong araw ng iyong operasyon sa ospital.

## **Panganib at anesthesia**

Ligtas ang mga makabagong anesthetic. May ilang karaniwang side effect ang mga gamot ng anesthetic o sa kagamitang ginagamit, na kadalasan ay hindi seryoso o pangmatagalan ang epekto.

Magkakaiba ang mga panganib sa bawat indibidwal at ito ay depende sa proseso at pamamaraan na ginamit sa pagbigay ng anesthetic.

Ang iyong anesthetist ay tatalakayin ang mga panganib na sa tingin niya ay mas mahalaga para sa inyo. Tatalakayin lang nila ang mga hindi gaanong karaniwang panganib kung ito ay makakaapekto sa inyo.

May ilang partikular na panganib na kaugnay sa spinal anesthetic, halimbawa, matinding sakit ng ulo at pinsala sa ugat. Para sa karagdagang detalye tungkol sa mga panganib na ito, mangyaring bisitahin ang:

[www.rcoa.ac.uk/patients/patient-information-resources/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patients/patient-information-resources/translations#languages)

## **Pinagsamang paggawa ng desisyon**

Ang pinagsamang paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguraduhan na ang bawat indibidwal ay nasusuportahan sa desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan susuportahan ng clinician ang pasyente na makapagdesisyon sa kanyang gamutan.

Ang pag-uusap ay pinagsasama-sama:

- ang kasanayan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa gamutan, ebidensya, panganib at benepisyo
- ang alam ng pasyente na mas makakabuti: ang kanyang mga kagustuhan, personal na kalagayan, layunin, pinahahalagahan, at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

[www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making](http://www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making)

Narito ang ilang tool na maaari mong gamitin para mas maunawaan ang diskusyon na kasama ang iyong anesthetist o preoperative assessment staff:

### **Choosing Wisely UK BRAN framework**

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa gamutan.

[https://bit.ly/CWUK\\_leaflet](https://bit.ly/CWUK_leaflet)

### **May tatlong tanong ang NHS**

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan.

[https://bit.ly/NHS\\_A3Qs](https://bit.ly/NHS_A3Qs)

### **Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)**

Ang CPOC ay gumawa ng animation para ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon.

[www.cpoc.org.uk/shared-decision-making](http://www.cpoc.org.uk/shared-decision-making)

## **Mga tanong na maaaring gusto mong alamin**

Kung may mga katanungan sa iyong anesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anesthetist bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa preoperative assessment team na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anesthetist sa telepono o makita sila sa isang klinika.

1. **Ano ang mga pakinabang at hindi magandang maidudulot ng spinal anesthetic sa akin?**
2. **Mayroon bang anumang alternatibong opsyon sa spinal?**



## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito ([www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: [patientinformation@rcoa.ac.uk](mailto:patientinformation@rcoa.ac.uk)

### Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

020 7092 1500

[www.rcoa.ac.uk](http://www.rcoa.ac.uk)

### Ikaanim na Edisyon, Abril 2023

Susuriin ang leaflet na ito sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

#### © 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito kung ang layunin ay ang paggawa ng mga materyales ng impormasyon para sa pasyente. Paki-quote itong orihinal na pinagmulan. Kung may bahagi ng leaflet na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.